



# Howard Streetscape Project

## Pangkalahatang Pananaw ng Proyekto

Matatagpuan sa kapitbahayan ng South of Market (SoMa), sa pagitan ng 11th Street at 4th Street, pagbibutihin ng Howard Streetscape Project ang kaligtasan sa koridor kung saan madalas magkapinsala, babawasan ang mga paglabas ng greenhouse gas, susuportahan ang nagpapabagong pananaw ng Lungsod para sa SoMa bilang hub sa rehiyon, at pagbibutihin ang pagbiyahe ng mga bisita at residente, kabilang ang mga populasyong may mababang kita na karamihang dumedepende sa pagsakay sa pampublikong transportasyon, naglalakad at nagbibisikleta.




Howard Street sa 4th Street, tinatanaw westward

Sakop ng lugar ng Proyekto ang kalahati ng Folsom at Howard Street couplet kung saan siniserbisyuhan ng Howard Street ang trapikong westbound at siniserbisyuhan ng Folsom Street ang trapikong eastbound. Ang parehong Folsom Street at Howard Street ay ang mga pangunahing kalsadang may tatlo at apat na lane na orihinal na itinayo upang suportahan ang pagmamanupaktura at pag-iimbak. Sa nakaraang dalawang dekada, ang lugar ng proyektong ito ay nakaranas ng biglaang pagdami ng tirahan at pagtatrabaho sa opisina. Sa paglagong ito na sinamahan ng malaking populasyon ng mga komunidad na maralita dumami ang mga taong naglalakad at nagbibisikleta. Ngunit, sinusuportahan at inuuna pa rin ng disenyo ng daan na ito ang napakabilis at napakaraming sasakyan at hindi nagbago upang sumalamin sa pangangailangan ng komunidad para sa isang kalyeng nakatuon sa tao.

Sa Howard Street, sa nagkukumpitensyang pangangailangan sa transportasyon dumami ang mga banggaan at pinsala para sa mga taong naglalakad at nagbibisikleta, at hinadlangan ang pag-access sa panrehiyong destinasyon kabilang ang Moscone Center at Salesforce Transit Center. Babaguhin ng Howard Streetscape Project ang corridor, uunahin ang hindi de-motor na paraan ng pagbiyahe.

Kasunod ng pag-apruba sa proyekto, ipinatupad ng SFMTA ang ilang mabilisang pag-upgrade para sa kaligtasan sa Howard Street, kabilang ang lane ng bisikleta na protektado ng paradahan ng sasakyan, upang maisakatuparan ang mga kritikal na kapakinabangan ng proyekto sa lalong madaling panahon. Ang mga pagbabagong ito ay nagbibigay ng agarang kapakinabangan at nagsisilbi bilang paunang bayad sa pagsasakatuparan ng buong pananaw ng komunidad para sa Howard Street sa pamamagitan ng Streetscape Project.



Abot ng Howard Streetscape Project (11th Street hanggang 4th Street)

## Mga Kapakinabangan

Sa Central SoMa Plan ng San Francisco noong 2018 inaprubahan ang karagdagang 16M talampakang kuwadrado ng espasyo para sa bagong pabahay at trabahong nakatuon sa transit sa susunod na 25 taon. Ang Howard Streetscape Project ay ang pangunahing bahagi ng Plan at lubos na pagagandahin ang disenyo ng kalye upang mapaglingkuran nang mas mabuti ang mga kasalukuyang residente habang nagbibigay-daan din sa naipalang paglago.

Tinutugunan din ng Proyekto ang malulubhang suliranin sa kaligtasan sa Howard Street, isang koridor sa Vision Zero High Injury Network ng San Francisco (iyon ay, 13 porsyento ng mga kalye sa San Francisco na may 75 porsyento ng


malulubha at nakakamatay na banggaan ng mga sasakyan). Sa pagitan ng 2014 at 2019, tatlo ang namatay sa koridor, kasama ang 152 banggaan ng mga sasakyan sa Folsom-Howard couplet, kung saan mahigit sa kalahati sa mga ito ay sangkot ang mga taong naglalakad o nagbibisikleta.

Bisitahin ang [SFMTA.com/FolsomHoward](https://www.sfmta.com/FolsomHoward) para sa higit pang impormasyon.

## Mga Elemento ng Proyekto

Iminumungkahi sa Howard Streetscape Project ang isang two-way na protektadong lane ng bisikleta, isang may landscape na median na naghihiwalay sa daanan ng bisikleta sa trapiko, mga bulb-out at nakaangat na tawiran upang mapaikli ang mga distansya ng tawiran at lane para sa pagparada ng sasakyan sa magkabilang panig ng kalye. Mababawasan ang daanan sa 2 daanan ng sasakyan na may pangkalahatang layunin, mula sa tatlo at apat sa kasalukuyan. Kabilang sa mga Pangunahing Elemento ng Proyekto ang

- Two-way na protektadong lane ng bisikleta
- Mga nakaangat na kongkretong median na may landscaping
- Mga muling inayos na kalye
- Mga protektadong interseksyon sa istiling Europeo
- Mga nakaangat na tawiran
- Mga bulb-out at midlock signal
- Mga ilaw-trapiko na nakalaan sa nagbibisikleta
- Mga accessible na lugar na sakayan at mga rampa sa gilid ng bangketa
- Dalawang may eskalang lighting para sa pedestriyan
- Bagong muwebles sa kalye at pinagandang tawiran
- Ini-upgrade na imprastruktura para sa tubig at alkantarilya



*Karaniwang Cross-section ng Howard Streetscape Project*

## Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Mula pa noong 2016, nagsagawa ang SFMTA ng masusing pakikipag-ugnayan para sa Proyekto upang matukoy ang mga oportunidad, aspetong may malaking pag-aalala, at mga iminumungkahing pagpapabuti.

- 550 indibidwal ang dumalo sa mga open house
- 1,300 indibidwal ang sumagot sa mga survey
- 110 negosyo ang nakipagpulong sa mga kawani
- 20 grupo sa komunidad ang nagbigay ng mga komento hinggil sa mga disenyo

Lubos na nakipagtulungan ang project team sa mga pangunahing stakeholder na YSoMa Pilipinas, at sa Leather District, na tumukoy sa mga priyoridad na pagpapabuti ng kaligtasan at pagtitiyak ng representasyon ng pamanang pangkultura ng mga grupo sa disenyo.

## Badyet at Iskedyul ng Proyekto

Ang tinantiyang gastos sa konstruksyon ng proyekto ay \$49 na milyon. Ang yugto ng detalyadong pagdisenyo ay magsisimula sa kalagitnaan ng 2023 kung saan pinagtutuunan ang konstruksyon sa huling bahagi ng 2025.